



# Andre Gutierrez



# Kung Mayroong Pangangailangan sa Pangungulila

Nagtapos si **ANDRE RAMIREZ GUTIERREZ** ng BA Malikhaing Pagsulat sa Filipino at kasalukuyang kumukuha ng MA Asian Studies sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Isa siya sa mga pinarangalan ng National Committee on Literary Arts - National Commission for Culture and the Arts (NCLA-NCCA) ng *2024 National Youth Achievement Award in Literary Arts.* Nagawaran na rin ng gantimpala ang kaniyang mga akda sa *Talaang Ginto: Makata ng Taon 2024* ng Komisyon sa Wikang Filipino, *Life UPdates 2022* ng Likhaan: UP Institute of Creative Writing, at *Sahaya: Timpalak Pampanitikan 2021*. Nailathala na ang kaniyang mga tula sa *Liwayway*, *Dx Machina*, *UP Sentro ng Wikang Filipino*, at iba pa. Naging fellow na rin siya sa iba't ibang pampanitikang palihan gaya ng 4th Saling Panitik, 2nd Cavite Young Writers Workshop, 7th Angono National Writers Workshop, at Palihang LIRA. Isa siya sa mga nagtatag ng Gadgad Press. Mababasa ang iba pa niyang akda sa www.andrergutierrez.com.

## Paramedik

Kung tama ang pagkakatanda ko, humupa
na ang kaba nang makarating sila sa ating
bahay, Mama. Ipinaubaya ka na namin sa
kanila, at wala kaming ibang nagawa kundi
maghintay nang maghintay nang maghintay
hanggang sa manuyot ang aming mga mata
bago pa man tayo makasakay sa ambulansiya.

Habang abala ang drayber sa pagmamaniobra
palabas sa ating makitid na eskinita, tumatarak
sa dibdib ko ang mga takang titig ng kapitbahay
na inuusisa ang pangyayari. Hindi tayo sanay
na mabigyang-pansin. Iwas ang mga paramedik
na kami'y diretsuhin, Mama, ngunit kutob na namin
ang kanilang sagot kahit hindi na namin sila tanungin.

## Bilín

Bago ka tuluyang traydorin
ng iyong mga alaala, ibinilin
mong nais mo ang mailibing
doon sa binili ninyong lote
sa may sementeryo sa Parañaque.

Ikinuwento mo sa akin noon
kung magkano ang buwanang
kaltas sa iyong sahod para lamang
may tiyak na lupa na kayong
mahihimlayan. Magastos

si Kamatayan, sabi mo, kaya
kahit nais mo naman talagang
maiuwi sa Bohol, mas imposible
pa ito sa imposible. Pinaghandaan
mo na noon pa ang hinaharap.

Narito na tayo ngayon. Walang
natupad sa mga planong
kay tagal mong inalagaan.
Ang tanging naging tiyak lamang,
magastos nga si Kamatayan.

## Tala

*An intergalactic message in a bottle, the Voyager Golden Record was launched into space late in the summer of 1977. In case an alien lifeform stumbled upon either of the spacecraft, the Golden Record would provide them with information about Earth and its inhabitants.*

Isang pagtatangka na pakawalan

ka sa kawalan
                    ng kalawakan

          at umasa na mayroong gaya natin,

o mas higit pa, na          makapupulot sa iyo.

Tangan mo ang mga talâ

ng kasaysayan ng sangkatauhan—itong

          munti nating                    unibersong

nakakulong sa mga bersong maaaring

                              wala sa kanilang wika.

Kasama ang mga                              estrelyang

limot                                        na,

          bumubulusok                                                  mag-isa,

naghihintay nang naghihintay,                    paulit-ulit

          na naghihintay  habambuhay              sa hinahanap,

sa hinaharap,              kung darating man,        kung mayroon man.

## Henerasyon

Nangungulila ka sa isang mundong
alikabok na lamang sa kasaysayan.
Hindi mo namalayan ang pagbabagong-
bihis ng mga panahon, 'pagkat kilala
mo lamang sila bilang mga taon kung
kailan nadaragdagan ang iyong edad,
ang edad ng mga kakilala, hanggang
sa unti-unting maubos ang iyong
mga kaibigan, hanggang sa ikaw
na mismo ang tuluyang mamaalam.
Bihag tayo rito sa hiram na buhay,
sabi mo, at babalik ang lahat sa abo
upang makapiling ang Panginoon, o
kung sinomang panginoon, na inalayan
natin ng ating mga dasal. Pinagtaksilan
tayo ng ating pananampalataya, 'pagkat
kung may makaaalala sa binuno nating
buhay, malamang, hindi ako, o sila,
o ikaw. Kung mayroon man, walang
makapagsasabi, walang makaaalam.